



Sabi ni Jesus,

*Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay.*
*Walang makakapunta sa Ama*
*kundi sa pamamagitan ko.*
(Juan 14:6)

***Following Jesus*** (Teacher's Notes)
A Class on Basic Christianity
June 2011


**BALIWAG BIBLE CHRISTIAN CHURCH**
*Building local and global GRACE communities*
*of committed followers of Christ for the glory of God*

085 Vergel de Dios St., Concepcion, Baliwag, Bulacan 3006 Philippines
044.766.0747/0922.8102281 http://pastorderick.wordpress.com

# FOLLOWING JESUS

*Sino ba talaga si Jesus?*
*Ano ang tunay na Cristiano?*

Sabi ni Jesus,

*Ang sinumang nagnanais sumunod sa akin*
*ay kinakailangang itakwil niya ang kanyang sarili,*
*pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa akin.*
(Marcos 8:34)

**Teacher's Notes**

# FOLLOWING JESUS

***Balangkas ng Pag-aaral***

***Layunin ng pag-aaral:*** *Upang maipahatid ang tunay na kahulugan ng pagiging Cristiano sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa mga pangunahing aklat (Bibliya) upang makita kung ano ang sinasabi nito tungkol sa buhay, mga katuruan, at mga ipinapahayag ni Jesus tungkol sa kanya.*

**Aralin 1:** SI JESUS, ANG ANAK NG DIYOS
(mga piling talata sa *Marcos 1-5*)
Si Jesus na Anak ng Diyos ay may awtoridad bilang guro, sa kamatayan, sa masasamang espiritu, sa kalikasan, sa kasalanan, sa sakit, at sa mga tao.

**Aralin 2:** ANG KAMATAYAN NI JESUS SA KRUS
(*Marcos 15:33-39*)
Bakit namatay si Jesus? Si Jesus ang ating kapalit, pantubos at pambayad sa kasalanan.

**Aralin 3:** ANG PAGKABUHAY NA MULI NI JESUS
(*Marcos 16:1-8; Gawa 10:39-43*)
Si Jesus, sa kanyang muling pagkabuhay, ay nagtagumpay laban sa kasalanan at kamatayan. Tayo rin ay bubuhaying muli at hahatulan sa kabilang-buhay.

**Aralin 4:** KALIGTASAN DAHIL SA BIYAYA, HINDI SA MGA GAWA
(*Marcos 7:20-23; Efeso 2:8-9*)
Ang kaligtasan ay sa dahil sa biyaya ng Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus. Hindi ito sa pamamagitan ng gawa ng tao.

**Aralin 5:** ANO ANG TUNAY NA CRISTIANO? NAGSISISI
(*Marcos 1:15; 8:34-38; 9:43-48*)
Ang pagsisisi ay lubusang pagtalikod sa kasalanan at pagsunod kay Cristo.

**Aralin 6:** ANO ANG TUNAY NA CRISTIANO? NANANAMPALATAYA
(*Marcos 5:25-34; 10:13-16; Juan 5:24*)
Ang pananampalataya ay pananalig sa pangako ng Diyos na nakay Jesus, at pagtitiwala ng ating buong buhay sa Kanya.

***Ang pag-aaral na ito ay hango sa seminar materials para sa *Explaining Christianity* ng Capitol Hill Baptist Church (http://www.capitolhillbaptist.org) na nasa Washington, D.C. Ito ay pinasimulan ni Michael Bennett ng Australia sa kanyang materials na pinamagatang *Christianity Explained* [Copyright (c) 2009 M.L.B. Bennett, Christianity Explained Ministry, 85 Ferndale Street, Annerley 4103, Brisbane, AUSTRALIA; available at http://www.christianityexplained.com/].***



- Sinabi ni Cristo, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta (o makalalapit) sa Ama kundi sa pamamagitan ko" (Juan 14:6). Lahat tayo'y nasa ilalim ng hatol ng kamatayan. Nakalulungkot, ngunit totoo. Lahat tayo'y mamamatay at ang Diyos lamang ang nakaaalam. Hindi lamang ito tungkol sa isang paglalakbay, ito ay patungkol sa kung saan at paano natin gugugulin ang walang katapusang buhay pagkatapos ng buhay natin ngayon. Wala ka nang ibang mahahanap na katulad ng Mabuting Balita ni Cristo. Wala sa ibang relihiyon. Wala sa kaninuman, kay Cristo lang. Kaya't kanino mo ipagkakatiwala ang buhay mo? Magsisi na ngayon at magtiwala kay Cristo.

- Paano ito isasalarawan? Hango sa gospel tract na *Me? A Christian…*

  "Sa gayon, ang isang Cristiano ay siyang kumikilala na si Jesu-Cristo ang may karapatang mamahala sa kanyang buhay. Kinikilala nila na sila ay mga naghihimagsik laban kay Jesu-Cristo at karapat-dapat na parusahan. Ang isang Cristiano ay naniniwala na si Jesu-Cristo ay namatay sa Krus para sa kanya upang tanggapin ang parusang nararapat para sa kanilang mga kasalanan. Ang isang Cristiano ay isang taong tumugon sa panawagan ng Diyos na magsisi. Tumalikod sila mula sa paghihimagsik laban kay Jesus at nagpasakop sa kanya. Alam ng taong ito na siya ay pinatawad na. Alam nila na ginawa na silang bago ng Diyos at si Jesus ay naninirahan sa kanilang mga buhay. Alam nila ito dahil nakikita nilang nabago ang kanilang mga hangarin, mga ugali, at mga ginagawa. Ipinagkakatiwala ng taong ito sa Diyos ang kanyang buhay." (p. 7)

- *Magpapasya ka bang maging isang tunay na Cristiano, ngayon din?*

- Manalangin.

- Class Evaluation (ipamigay at pasagutan ang evaluation forms).

- Anyayahan sa susunod na pag-aaral - ***First Steps*: Basic Discipleship Class**

## Buod

- Ang pagtitiwala o tunay na pananampalataya ay hindi bulag o paniniwala sa mga bagay na walang basehan. Hindi rin ito nakaugat sa mga pakiramdam lang o haka-haka ng mga tao. Hindi rin ito para lamang sa mga mahihirap at mga walang pinag-aralan. Ang tunay na pananampalataya ay nakaugat sa mga makasaysayang katotohanan tungkol sa Jesu-Cristo. Kabilang sa tunay na pananampalataya ang:
- *Kaalaman* (Knowledge) – ang upuang tatlo ang paa. Kaalaman na si Jesus ang Anak na Diyos, tunay na tao at tunay na Diyos, na namatay para sa kasalanan at nabuhay mula sa mga patay.
- *Pananalig* (Conviction) – sa ginawa ng Diyos kay Cristo na tinatanggap na tayo'y mga makasalanang nangangailangan ng isang Tagapagligtas.
- *Pansariling Pagtitiwala* (Trust) – pagtitiwalang hindi ikinakahiya, pagtitiwalang tulad ng isang anak sa kanyang mapagmahal na magulang, at pagtitiwalang tinanggap na ako ng Diyos sa kanyang Kaharian at itinuturing na walang kasalanan sa pamamagitan ng aking pagsisisi sa kasalanan at pagtitiwala sa kanya.

## Balikan ang Binasa Noong Nakaraang Linggo

- Base sa mga talatang ipinabasa noong nakaraang linggo, "Anu-anong kaloob ang ibinibigay ng Diyos sa sinumang nagsisisi at nananampalataya?"
- Marcos 1:8 - mapapasaatin ang <u>Banal na Espiritu</u>
- Marcos 2:10 - ang mga kasalanan natin ay <u>patatawarin</u>. At,
- Marcos 10:30 - magkakaroon tayo ng <u>buhay na walang hanggan.</u>

## Pangwakas

- Ito ang mabuting balita, ang ebanghelyo (gospel) ni Jesu-Cristo - hindi lang para sa akin o para sa iba, ngunit ang balitang ito ay para rin sa iyo.
- Nananawagan si Jesus sa bawat isa sa atin na magsisi at maniwala sa mabuting balita, magtiwala sa kanya.
- Kung hindi, tiyak ang walang-hanggang parusang mararanasan natin sa impiyerno dahil sa hatol ng Diyos.
- Ang pagsisisi at pananampalataya ay isang pansariling pagpapasya. Hindi maaaring iba ang gumawa nito para sa iyo.
- Sa mga nagdaang aralin natin, tinanong ko, "Sa anong basehan tatanggapin ka ng Diyos sa kanyang Kaharian?" Ang maling sagot ay, "Base sa aking sarili at sa ginawa kong kabutihan." Ngayon anong gagawin mo? Magtitiwala ka ba sa katuwiran ni Cristo, o sa iyong mga mabubuting gawa na maruming basahan lang sa harapan ng Diyos?



# Aralin 1
# SI JESUS, ANG ANAK NG DIYOS

### *Panimula sa Klase*

*Tanong:* Ano ang naiisip mo kapag naririnig mo ang salitang "Christian" o "Christianity"? [Hintayin ang mga sagot]

*Layunin:*

- Upang matutunan ang tunay na kahulugan ng pagiging Cristiano sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa buhay, katuruan, at mga ipinapahayag ni Jesus tungkol sa kanyang sarili.
- Upang malaman ang tunay na kahulugan ng "Christianity" o ng pagiging Cristiano, dapat kilalanin kung sino talaga si Jesus.

*Paano natin matututunan ang mga bagay patungkol kay Jesus?*

- Pag-aralan ang mga nasulat tungkol sa kanya, sa "Gospels" o "Magandang Balita." Mga *original sources* ito, sinulat ng mga nakasaksi sa buhay ni Jesus.
- *Gospel:* Marcos, unang naisulat. Mas maikli at malinaw.

*Balangkas ng pag-aaral* [tingnan ang pahina sa kaliwa]

- Aralin 1-3: Sasagutin ang tanong na, "Sino ba talaga si Jesus at ano ang ginawa niya?"
- Aralin 4-6: Sasagutin ang tanong na, "Ano ang tunay na Cristiano?" o "Paano ako magiging tunay na Cristiano?"

***Panimula sa Aralin***

- Basahin ang Marcos 1:1.
- Ang Ebanghelyo, ang Magandang Balita, dapat nating marinig – may kinalaman kay Cristo.
- *Tanong*: Ano ang kahulugan ng pagiging Anak ng Diyos ni Jesus? Nangangahulugang si Jesus ay may kapangyarihan, o awtoridad (*authority*), isang Hari – na may kapamahalaan sa lahat ng bagay tulad ng Diyos Ama.

## 1. Awtoridad bilang Guro – Marcos 1:21-28

- Nagtuturo nang may awtoridad, hindi gaya ng mga eskriba at Fariseo.
- "Sinasabi ko sa inyo" pinagmulan ng awtoridad (*source of authority*). Namangha ang mga tao.
- Hindi galing mula sa mga matataas na tao (*elite*), kundi kanino? Mula sa Diyos. May tanong ba kayo?

## 2. Awtoridad sa mga Masasamang Espiritu – Marcos 1:21-28

- *Tanong*: May nakita pa bang ibang awtoridad maliban sa pagtuturo? Nagsagawa ng mga himala.
- Hindi ang paggawa ng himala ang pangunahin niyang layunin, ngunit pinatutunayan ng mga himala ang mensaheng kanyang ipinangangaral. Tugon ng demonyo: kinilalang si Jesus ang Banal na mula sa Diyos (*Holy One of God*) na pumarito upang hatulan ang mabuti at masama. Mga tanong?

## 3. Awtoridad na Magpatawad ng Kasalanan – Marcos 2:1-12

- Kapansin-pansin ito.
- Ano ang kasalanan? Saloobing lumalaban (*rebellion*) sa Diyos sa mga gawa, mga salita, at mga iniisip.
- Ang Diyos lang ang nagpapatawad, 'di ba? Inaangkin ni Jesus na siya ay Diyos at pinatutunayan ang pag-angkin na ito sa pamamagitan ng kanyang mga gawa (tingnan ang susunod na puntos).

## 4. Awtoridad sa Anumang Sakit – Marcos 2:1-12

- 43 tala sa Biblia na katulad nito; upang patunayang totoo ang kanyang mensahe at ang pagkakahirang sa kanya ng Diyos.
- Paano siya nagpagaling? Sa pamamagitan ng kanyang salita, mabisa, makapangyarihan at may awtoridad.
- Ito (at iba pang mga himala) ang ipinakita ni Jesus na patunay sa kanyang awtoridad na magpatawad ng kasalanan! Mga tanong?

## 5. Awtoridad sa Kalikasan – Marcos 4:35-41

- Pinatigil ni Jesus ang bagyo. Patunay na siya ay Diyos.
- Iba pang tala ng pagkontrol ni Jesus sa kalikasan: paglakad sa tubig, pagpapakain ng 5,000, ginawang alak ang tubig.

## 6. Awtoridad sa Kamatayan – Marcos 5:21-24, 35-43

- Binuhay din ni Jesus ang anak na babae ni Jairo.
- Iba pang tala na katulad nito ay ang kay Lazaro.
- Ang kapangyarihan niya laban sa kamatayan ay isa pang pagpapakita ng



## Pananampalataya – Pagtitiwala kay Jesus bilang Iyong Panginoon, Hindi Lamang Tagapaglistas

(Marcos 5:24b-34, Marcos 8:38)

- Basahin ang Marcos 5:24b-34. Ang pananampalataya (v. 34) ay pag-abot ng ating kamay kay Jesus, katulad ng ginawa ng babaeng 12 taon nang dinudugo. Ginawa niya iyon nang walang takot sa sinumang kukutya sa kanya o ipapahiya siya.
- Pinagaling siya ni Jesus ngunit nais ni Jesus na hindi matago ang pananampalataya nang babae at lumantad siya sa mga tao at ipakita ang kanyang pagpapasakop kay Jesus bilang Panginoon (v. 33).
- Ang pananampalataya ay pagtitiwala at pagsunod kay Cristo anuman ang kahinatnan o maging resulta nito.
- Makikita rin natin ito sa nagdaang aralin, Marcos 8:34, 38.

## Pananampalataya - Buong Pagtitiwala tulad ng Isang Bata at Pagtatalaga ng Sarili

(Marcos 10:13-16)

- Basahin ang Marcos 10:13-16. Ang klase ng pananampalatayang nakapagliligtas na hinahanap ni Jesus ay hindi lamang nakabase sa pagkakaalam sa kung ano ang totoo, kundi ito ay pagtatalaga ng sarili o *personal commitment*.
- Maihahambing ito sa lubos, walang kundisyon at hindi matitinag na pagtitiwala na inilalagak ng mga bata sa kanilang mga magulang.
- *Blondin illustration*…Si Blondin ay sikat dahil kaya niyang lumakad sa lubid. Mas naging sikat siya nang subukan niyang lumakad sa alambre sa Niagra Falls. At gagawin niya ito na may hawak na *wheelbarrow*. Tinanong niya ang isang reporter kung naniniwala siya na magagawa ito ni Blondin. Sumagot naman ang reporter ng, "Oo, naniniwala ako. Kayang-kaya mo 'yan!" Sabi ni Blondin, "Kung gayon, sumakay ka sa *wheelbarrow*."
- Ang tunay na pananampalataya ay hindi lamang paniniwala sa magagawa ng isang tao, ito ay pagtitiwala na umaabot sa punto na maging ang buong buhay mo ay ipagkakatiwala mo sa kanya. Ito ang panawagan ni Cristo.

## Pananampalataya – Pag-unawa sa Pagtanggap ng Diyos sa Akin

(Juan 5:24)

- Basahin ang Juan 5:24. Ang pananampalataya ay nakakaunawa na kapag tayo ay nagsisi at nagtiwala kay Cristo, naroon na ang pagtanggap ng Diyos sa atin. Hindi na siya hahatulan pa na maparusahan kundi tumanggap na (ngayon at sa darating pa) ng buhay na walang hanggan. (Maaari ding tingnan ang Roma 8:1).

## Ano ang Tunay na Cristiano?

(Marcos 1:15)

- Basahin ang Marcos 1:15. *Ano ang isang tunay na Cristiano?* Ang isang Cristiano ay isang tao na (1) nagsisisi sa kanyang kasalanan, at (2) naniniwala (o nananampalataya) sa Mabuting Balita tungkol kay Cristo.
- Napag-aralan natin noong nakaraan ang tunay na pagsisisi. Ngayon naman ay ang tungkol sa tunay na pananampalataya.
- Ang tunay na Cristiano ay HINDI…mapapatunayan sa pagpapakita ng mga gawaing pang-Cristiano tulad pagbabasa ng Biblia, pananalangin, pagsisimba, o pagpapabautismo. Ito ay HINDI rin naniniwala sa kung anu-ano lang.
- Naniniwala ito sa Mabuting Balita ni Cristo - ang kanyang pagiging Diyos, ang kanyang kamatayang pambayad ng kasalanan, at ang kanyang muling-pagkabuhay na tagumpay sa kasalanan at kamatayan.
- Ano ang ibig sabihin ng paniniwala, o pagkakaroon ng pananampalataya (*faith*) kay Cristo? Ibig sabihin ba ng pananampalataya ay pagtanggap sa mga bagay na walang basehan (*blind acceptance*)? Ang pananampalataya ba ay para lamang sa mga hindi nag-iisip, mga hindi nakapag-aral, o ang tunay na pananampalataya ay base sa tamang pag-iisip at ayon sa kung ano ang mabuti? Ito ba ay simpleng paniniwala lang, o ang tamang kaalaman at pagtitiwala ay nakapaloob din dito?

## Pananampalataya - Pagtitiwala kay Cristo at sa Kanyang Salita (Marcos 5:21-24, 35-43)

- Basahin ang Marcos 5:21-24, 35-43. Ang pananampalataya (na nakita natin sa istorya ni Jairo, v. 36) ay pagtitiwala sa mga salita ni Jesus, kahit pa sa mga panahon ng kahirapan. Ang pananampalataya ay hindi nakabase sa kung anong nararamdaman natin (bagamat magkaugnay ito), kundi ito ay nakaugat sa mga makasaysayang mga katotohanan patungkol sa mga sinabi at ginawa ni Jesus.
- *"Facts, Faith, Feelings" illustration*…Kung magtitiwala tayo nang lubos sa ating mga pakiramdam o emosyon, o ipipikit natin ang ating mga mata at susubukang lumakad nang nag-iisa lang, anumang "pananampalataya" na sinasabi nating mayroon tayo ay mawawalan ng direksiyon, magiging mahina, at kapag lumaon ay mabibigo din tayong panghawakan.
- Ang pananampalataya ay nakaugat sa mga katotohanang tungkol kay Cristo. Ang pakiramdam ay nakaugnay sa pananampalataya, ngunit hindi dapat magiging gabay ng pananampalataya.
- Mas kilala natin si Jesus kaysa kay Jairo. Di ba't mas matibay ang basehan ng ating pananampalataya kay Cristo?



kanyang awtoridad bilang Diyos. Mga tanong?

### 7. **Awtoridad sa mga Tao** – **Marcos 1:16-20**

- Pagtawag na sumunod sa kanya.
- Bilang Anak ng Diyos, mayroon siyang karapatang magmay-ari sa ating buhay.
- Maaari kang tumanggi, ngunit nananawagan siyang magpasailalim tayo sa awtoridad o kapangyarihan ng Anak ng Diyos.

## Buod

*1. Si Jesus ay may awtoridad at kapamahalaan na higit sa lahat.*

- Ipinapakita ni Jesus ang kanyang awtoridad at ang kanyang pagiging Diyos sa maraming paraan.

*2. Inaangkin ni Jesus sa sarili niya na siya ay Diyos.*

- Ang pagiging Diyos ni Cristo ay hindi gawa-gawa lamang ng mga tao. Ito mismo ay pinatunayan ni Jesus.

*3. Mayroon tayong pagtugon na dapat gawin.*

- Magpasya, sino si Jesus? Panginoon, sinungaling, o baliw? Wala nang iba pang pamimilian.

"Dapat kang mamili: Kung si Jesus ay siya ngang Anak ng Diyos; o kung hindi naman ay isang sira-ulo o mas malala pa. Maaaring tawagin mo siyang hangal, duraan at patayin bilang isang demonyo, o kaya naman ay magpatirapa sa kanyang paanan at tawagin siyang Panginoon at Diyos. Ngunit huwag na huwag nating tatangkilikin ang sinasabi ng ilan na siya ay dakilang guro lamang na tulad din ng isang tao. Hindi niya tayo binigyan ng ganyang klaseng pamimilian. Hindi niya hinangad 'yan." (C.S. Lewis, *Mere Christianity*)

***Upuang tatlo ang paa***

*Ang unang paa: Si Jesus, ang Anak ng Diyos*

- [Ipa-drawing ang upuang tatlo ang paa. Sa isang paa ay ipasulat ang "Si Jesus, ang Anak ng Diyos." Tatlong haligi ng Christianity. May dalawa pa.

---

**Sa Susunod na Aralin?** *Ang Kamatayan ni Cristo sa Krus.* Basahin ang Marcos 1-5. Ilista ang mga natutunan mo tungkol kay Cristo sa mga nabasa mo. Ilista rin ang mga bagay na gusto mong itanong tungkol sa mga nabasa mo.

# Aralin 2
# ANG KAMATAYAN NI JESUS SA KRUS

***Panimula/Balik-aral***

- Tanong: Ano ang pinakamahalagang pangyayari sa nakaraang isang daang taon? Sa nakaraang isang libong taon? Sa buong kasaysayan? Ayon sa Cristianity, pinakamahalaga ang pagkapako sa krus ni Cristo at ang kanyang muling pagkabuhay.
- *Layunin:* ituro ang tunay na kahulugan ng Cristianismo sa pamamagitan ng pagtingin sa buhay, katuruan, at mga ipinahayag ni Cristo tungkol sa kanyang sarili. Original source? Bakit Marcos? Anong kahulugan ng Gospel o Ebanghelyo?
- *Nakaraang Aralin:* Ang pagiging Diyos ni Jesus at ang kanyang awtoridad (1) bilang guro, (2) sa anumang sakit, (3) sa kasalanan, (4) laban sa masasamang espiritu, (5) sa kalikasan, (6) sa kamatayan, at (7) sa mga tao.
- *Ngayong Aralin:* hindi lang dakilang guro, gumagawa ng himala, at Anak ng Diyos, kundi pati ang kanyang kamatayan ay kritikal sa pag-unawa sa paniniwala ng mga Cristiano. Ito ang nagbago sa kasaysayan ng mundo.
- *Mga Tanong:* Mayroon ba kayong mga tanong sa Marcos 1-5?

**Ang Pagkapako sa Krus (The Crucifixion)**

- Ang Krus ni Cristo ay isa sa mga pangunahing katuruan na dapat malaman upang maging isang tunay na Cristiano.
- Bumago sa kasaysayan.
- Ang upuang tatlo ang paa.

**Ano ang Kahulugan ng "Pagkapako sa Krus" at "Kasalanan"?**

- Bago basahin ang nangyari, alamin muna ang kahulugan ng mga ito.
- "Kasalanan" - isang pagrerebelde o pagsuway laban sa Diyos, sa isip, sa salita, o gawa. Ito ay paglabag sa kautusan ng Diyos. Ito ay hindi pagtalima (conformity) sa kagustuhan ng Diyos.
- "Pagkapako sa Krus" o "Crucifixion" - karumal-dumal, nakakahiya at nakakababang paraan na ginagamit ng mga Romano upang parusahang mamatay ang pinakamasamang mga kriminal. Ang pagpatay ay brutal, at matagal na pinahihirapan ang isang kriminal hanggang mamatay.



# Aralin 6
# ANO ANG TUNAY NA CRISTIANO? NANANAMPALATAYA

*Layunin*: Upang matutunan ang tunay na kahulugan ng pagiging Cristiano sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa buhay ni Cristo, sa kanyang mga katuruan, at mga ipinapahayag ni Cristo tungkol sa sarili niya.

*Panimula*

- "Ano ang isang tunay na Cristiano?"

*Balik-aral – Ang Upuan*

- *Aralin 1 (Unang Paa)*: Ang pagiging Diyos ni Jesus tulad ng Ama na nagbigay sa kanya ng awtoridad (1) bilang guro, (2) sa sakit, (3) sa kamatayan, (4) sa kalikasan, (5) sa masasamang espiritu, (6) sa kasalanan, at (7) sa tao.
- *Aralin 2 (Ikalawang Paa)*: Hindi lamang magaling na guro, gumagawa ng himala at Anak ng Diyos, ngunit siya rin ay naparito upang mamatay bilang kapalit natin para sa kabayaran ng ating kasalanan. Pinaparusahan ng Diyos ang kasalanan, ibinalik tayo sa kanya sa pamamagitan ng pagtubos ni Jesus.
- *Aralin 3 (Ikatlong Paa)*: Ang muling pagkabuhay ni Jesus, tagumpay sa kasalanan at kamatayan. May katiyakang tayo'y muling bubuhayin, hahatulan ni Jesus, hahatiin ang mga matutuwid sa masasama kung saan ang paghahati ay pangsawalang-hanggan.

*Nakaraang Aralin*

- *Aralin 4*: Tayo'y naligtas, hindi dahil sa ating ginawang kabutihan o katuwiran, kundi sa pamamagitan lamang ng kabutihang-loob at pag-ibig ng Diyos, sa pamamagitan lamang ng pananampalataya kay Cristo lamang.
- *Aralin 5:* Ano ang Tunay na Cristiano? (Part 1) - Ang isang tunay na Cristiano ay naging kabilang sa Kaharian ng Diyos sa pamamagitan, una, ng pagsisisi. Ang pagsisisi ay ang pagkamuhi at pagtalikod sa kasalanan, at paglingon patungo sa pagsunod kay Cristo.

- Huwag hayaang ang buhay mo ay patungo sa kapahamakan. Magpasakop kay Jesus bilang Hari ngayon din! Hahadlangan ba ng iyong pagmamataas ang iyong pagpapasakop sa Diyos at pagtanggap sa kanyang kaligtasan?

### Napakahirap ba Nito?

(Marcos 10:29-31**)**

- Maaaring sabihin ng iba, "Ang mga sinasabi mo - tungkol sa pagpapasakop, sa pagtakwil ng sarili - lahat 'yan napakahirap."
- Basahin ang Marcos 10:29-31. Hindi pinangako ni Jesus ang isang buhay na madali at walang problema. Ang pagiging tunay na Cristiano ay hindi lamang nangangahulugan ng kaginhawaan sa buhay. Kung kasama si Cristo, kasama din dito ang mga pag-uusig.
- Ngunit ipinangako din niya (1) sa buhay ngayon, ang gantimpalang "isandaang ulit" ang higit sa mga paghihirap na dinanas; at (2) sa kabilang buhay, bibigyan tayo ng buhay na walang hanggan. Di ba't napakagandang pangako! Mayroon pa bang hihigit na pangako kaysa sa pangako ng buhay na walang hanggan?

### Buod

Paano ako magiging isang tunay na Cristiano? Gagawin kong una si Cristo sa aking…

1. Pagtalikod (mula sa kasalanan)

2. Pagtitiwala (sa kanya)

3. Paglalakbay (kasama siya)

*"Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nanlulupaypay at lubhang nabibigatan at kayo'y bibigyan ko ng kapahingahan…"* (Mateo 11:28-29, Ang Biblia)

*Gagawin mo bang una si Cristo sa buhay mo?*

---

**Sa Susunod na Aralin:** *Sino ang Tunay na Cristiano (Part 2) - Nananampalataya.* Basahin ang Marcos 1:8, 2:10, 10:30. *"Anu-anong kaloob ang ipinangakong ibibigay ng Diyos sa sinumang nagsisisi at nananampalataya?"*



## Ang Kahalagahan ng Krus – Bakit Namatay si Jesus?

### 1. Ang Kadiliman…

(Marcos 15:33)

- Basahin ang Marcos 15:33-39.
- Ano ang nangyari sa verse 33? Tandaan na tanghaling tapat (sa literal na salin, "ika-anim na oras" o "6th hour") ay nagkaroon ng kadiliman.
- Ito ay hindi pangkaraniwang (*supernatural*) kadiliman. Sumisimbolo din ito sa pagtalikod ng tao sa "ilaw ng sanlibutan" (si Cristo).

### 2. Ang Sigaw ni Jesus…at Kamatayan

(Marcos 15:34-37)

- Tinupad ni Jesus ang layunin ng kanyang pagparito sa lupa - upang mamatay at maglingkod bilang kapalit (*substitute*) natin.
- Upang dalhin ang bigat ng parusa ng ating kasalanan.
- Sa Lumang Tipan, ang paghahandog ng "dugo" (ng mga hayop) para sa kasalanan ay pansamantala lamang. Si Jesus ang tunay o permanenteng handog para sa kasalanan.
- Binayaran niya, tinakpan, itinama ang ating kamalian at tinanggap ang kapalit ng kanyang paghahandog ng kanyang sarili - ang kaligtasan. [Ipaliwanag sa pamamagitan ng "book illustration"]

*Book illustration*…[kumuha ng dalawang libro]

- Ang aklat na ito [hawakan ang isa] ay kumakatawan sa istorya ng iyong buhay. Nakasulat lahat ng pangyayari kung kailan nilabag mo ang alinman sa mga utos ng Diyos sa gawa, salita, o isip. Maraming pahina na marumi. [Hawakan sa kanang kamay ang libro]. Ikaw ito. At ang kisame ay ang Diyos. Sa pagitan natin at ang Diyos ay ang mga nakasulat na utang na laban sa atin (Col. 2:14). Ang kasalanan natin ang naghiwalay sa atin sa Diyos. Ang problema - mapagmahal ang Diyos ngunit siya rin ang makatarungang Hukom. Namumuhi sa kasalanan, dapat parusahan. Guilty tayo, maysala at nasa ilalim ng hatol. Ang nasa kaliwang kamay ko ay kumakatawan kay Jesus. Nakalista dito ang kanyang ganap na pagsunod sa Diyos (walang kasalanan). Sa krus, pinasan niya ang atin kasalanan bilang kahalili (*substitute*) natin at parang naging pinakamakasalanang tao na nakita ng mundo. Pinatay ng Diyos ang kanyang Anak! Sa mga taong nagsisisi sa kanilang kasalanan, ang kanyang kasalanan ay inililipat kay Cristo. [Ilipat ang nasa kanan sa kaliwa.] At ang katuwiran (*righteousness*) ni Cristo ay inililipat sa kanila. [Ilipat ang nasa kaliwa sa kanan.] Sila ngayon ay pinatawad na, nakipagkasundo na sa Diyos.
- Dumating si Cristo bilang Tagapagligtas sa pamamagitan ng pag-ako sa kasalanan natin at pagbayad ng utang na 'di natin mababayaran.
- "Diyos ko...bakit mo ako pinabayaan?" - tanda ng pansamantalang pagkakahiwalay dahil sa kasalanan.

## 3. Ang Pagkapunit ng Tabing ng Templo

(Marcos 15:38-39)

- Sa loob ng templo - dalawang silid. Malaki 'yung nasa bandang labas. May mas maliit na nasa loob na tawag ay Dakong Kabanal-banalan (*Most Holy of Holies*), sumisimbolo sa lugar na pinananahanan ng Diyos.
- Taun-taon ang handog sa kabayaran (*sacrifice*) ng kasalanan. May tabing (*curtain*) na naghihiwalay sa dalawang silid, simbolo ng pagkahiwalay ng tao at Diyos. Ang pagkapunit nito ay simbolo ng bagong karapatang makalapit sa sa pamamagitan ng kamatayan ni Cristo. Hindi na kailangan ang iba pang handog, sapat na ang ginawa ni Cristo sa krus.

## 4. Si Jesu-Cristo… Ang Ating Katubusan (*Ransom*)

(Marcos 10:45)

- Ano ang "katubusan" o "pantubos"? Tinutukoy nito ang kabayaran upang makuha muli ang isang bagay o isang taong nawala, nabihag, o inalipin. Sa panahon ng mga Romano, tinutubos ang mga alipin.
- Sa Bibliya, ang tao ay alipin ng kasalanan. Nakatali, nakagapos. Galit ang Diyos sa kasalanan kaya binili niya ang ating kalayaan sa pamamagitan ng kamatayan ng kanyang Anak.
- Ito ang pag-asa at kagalakan ng isang Cristiano. Binili ng Diyos ang hindi natin mababayaran sa pamamagitan ng pantubos na si Jesus.

## Buod

- Mahalaga ang krus dahil dito pinarusahan ng Diyos ang kasalanan. Ngunit hindi tayo ang nagbayad, kundi si Jesus, ang pumalit sa atin. Hindi ibig sabihin na "automatic" ay nasa atin na lahat ang kabayarang ito. Ito lamang ay malilipat para sa mga nagsisi sa kanilang kasalanan, tumalikod dito, at nagtiwala kay Cristo. Kung hindi tatanggapin si Cristo, sinasabi mo sa Diyos, "Ako na ang magdadala ng parusa ng aking kasalanan." At sa kamatayan natin, haharap tayo sa Diyos at tatanggapin ang makatarungang parusa sa kasalanan natin. *Mga tanong?*

- **Upuang tatlo ang paa**
  *Unang paa:* Si Jesus, Anak ng Diyos
  *Ikalawang paa:* Ang kamatayan ni Jesus sa krus

---

**Sa Susunod na Aralin?** *Ang Muling Pagkabuhay ni Cristo.* Basahin ang Marcos 6-10. Ilista ang mga natutunan mo tungkol kay Cristo sa mga nabasa mo. Ilista rin ang mga bagay na gusto mong itanong tungkol sa mga nabasa mo.



- **Illustration**: Tulad ng paglipat ng bahay. Ang paglipat ay minsanan lang. Katumbas ito ng muling-kapanganakan o *regeneration* o *new birth.* Ito ang panahon na tayo'y nagkaroon ng bagong buhay. Ngunit paglipat ng bahay palagian at tuluy-tuloy ang *renovation* o pagsasaayos. Ganun din sa buhay Cristiano, maraming kuwarto ng buhay na dapat ayusin (*sanctification*). Sa pagsisisi, ito ang pasimula ng pagsusuko natin ng ating sarili upang si Jesus ang maging Panginoon at Hari ng lahat ng bahagi ng ating buhay.

## Pagsisisi – Si Cristo Muna…Bago ang Aking Ambisyon

(Marcos 8:36-37; 1 Timoteo 6:10)

- Basahin ang Marcos 8:36-37. Ano ang ambisyon o pangarap mo sa buhay? Kung uunahin si Cristo, nangangahulugang una siya bago ang ating mga makamundong mga ambisyon o hangarin sa buhay (pera, kapangyarihan, atbp.).
- Hindi ibig sabihin na masama ang mga ito, tulad ng pera (1 Timoteo 6:10), ngunit nagiging masama kung ang mga ito ang maghahari o mangunguna sa atin na higit sa pangunguna ni Cristo.

## Pagsisisi - Si Cristo Muna…Bago ang Aking Reputasyon

(Marcos 8:38)

- Basahin ang Marcos 8:38. Hindi palaging madaling unahin si Cristo bago ang popularidad o reputasyon natin sa ibang tao.
- *"Either we are unfaithful in order to be popular, or we will look unpopular in order to be faithful. We can't be both." ("Tayo'y hindi magiging tapat at sa gayon ay maging katanggap-tanggap sa tao, o kaya'y tayo'y lalabas na hindi katanggap-tanggap sa tao at sa gayon ay magiging tapat. Hindi maaaring pareho.")* (John Stott)
- Walang maaaring tawaging tahimik o nakatagong taga-sunod ni Cristo.
- Ayon sa verses 34-38, unahin si Cristo bago ang sariling kagustuhan, bago ang sariling ambisyon, at bago ang sariling reputasyon.
- Ang pinamamahalaan ng kasalanan ay tumitingin unang-una sa sarili. Ang mga tunay na Cristiano, kay Cristo tumitingin.

## Pagsisisi – Si Cristo Muna...Bago ang Pagtataas sa Sarili

(Marcos 9:43-48, Kawikaan 16:18)

- Basahin ang Marcos 9:43-48. Nakapangingilabot na totoong may literal na langit at impiyerno. Kaya't kailangan ng matinding operasyon (*surgery*) upang matanggal ang kasalanan sa buhay natin.
- Ngunit marami ang nagdadalawang-isip bago magpasakop sa Diyos, dahil 'yan sa *pride* o pagtataas ng sarili. *"Ang pagmamataas ay nauuna sa kapahamakan, at ang palalong diwa ay nauuna sa pagkabuwal"* (Kawikaan 16:18, Ang Biblia).

## Sino ang Tunay na Cristiano?

(Marcos 1:15)

- Basahin ang Marcos 1:15. Ang isang tunay na Cristiano ay siyang kabilang sa Kaharian ng Diyos.
- Ngunit sa pamamagitan ng ano ang isang tao ay mapapabilang sa Kaharian ng Diyos? Sa pamamagitan ng: una, pagsisisi sa kasalanan; at pangalawa, paniniwala sa Mabuting Balita. Magsisisi at maniwala. Repent and believe. Ngayon tingnan natin ang "pagsisisi."

## Ano ang Pagsisisi? (Isang Pagsasalarawan)

(Marcos 8:34-35; 2 Corinto 7:10; 1 Tesalonica 1:9b–10)

- ***Maling* pagsisisi.** Tulad ng isang batang nahuli ng magulang na kumukuha ng candy sa garapon, matapos pagbawalan ng magulang. Maaaring mag-sorry na umiiyak pa dahil sa takot na paluin o hindi na pagbigyan. Ang pag-iyak dahil sa takot na maparusahan ay hindi pagsisisi. Kahit pa mangakong gagawa ng mabuti pagkatapos (halimbawa, paghuhugas ng mga pinagkainan), hindi rin ito ang pagsisisi. Ang pagsisisi ay hindi pagbabayad sa kasalanang nagawa. *It is more than feeling bad or guilty.*
- Basahin ang Marcos 8:34-35. Upang sumunod kay Cristo, dapat talikuran (o itakwil) ang sarili, unahin si Cristo.
- Ipinakikita ng pagsisisi ang pagiging makasalanan [Balikan ang Aralin 2 kung may tanong tungkol sa kasalanan]…higit sa 'di maayos na damdamin ng isang *guilty* o paggawa ng isang bagay upang bayaran ang kasalanan.
- ***Tamang* pagsisisi.** *Pagtalikod sa kasalanan at pagsusuko ng sarili sa karapatang ibinigay ng Diyos kay Jesus na maghari o mamahala sa buhay natin.*
- *"Ang pagsisisi tungo sa buhay ay isang nakapagliligtas na biyaya, kung saan ang isang makasalanan, dahil sa kanyang tamang pagkakilala sa kanyang kasalanan, at pagkaunawa sa awa ng Diyos na nakay Cristo, ay tumalikod mula dito patungo sa Diyos, nang may kalungkutan at pagkamuhing dahil sa kanyang kasalanan, at may buong layunin at susunod na pagsisikap sa isang panibagong pagsunod."*(Westminster Shorter Catechism)

## Pagsisisi – Si Cristo Muna…Bago ang Aking Kagustuhan

(Marcos 8:34-35)

- Basahin ang Marcos 8:34-35. Ano ang ibig sabihin na unahin si Cristo o ilagay siya sa unahan? Sa pagsisisi, nangangahulugang ang kanyang kalooban o kagustuhan muna bago ang sa atin.



## Aralin 3
# ANG PAGKABUHAY NA MULI NI JESUS

*Panimula/Balik-aral*

- *Layunin:* ituro ang tunay na kahulugan ng Cristianismo sa pamamagitan ng pagtingin sa buhay, katuruan, at mga ipinahayag ni Cristo tungkol sa kanyang sarili. Original source? Bakit Marcos? Anong kahulugan ng Gospel o Ebanghelyo?
- *Aralin 1:* Ang pagiging Diyos ni Jesus at ang kanyang awtoridad (1) bilang guro, (2) sa anumang sakit, (3) sa kasalanan, (4) laban sa masasamang espiritu, (5) sa kalikasan, (6) sa kamatayan, at (7) sa mga tao.
- *Aralin 2:* Hindi lamang dakilang guro, gumagawa ng himala at Anak ng Diyos, ngunit naparito siya upang mamatay kapalit natin. Pinarusahan ng Diyos ang kasalanan. Ibinalik tayo sa kanya sa pamamagitan ng krus.
- *Ngayong Aralin:* Hindi nanatiling patay si Jesus, ngunit nabuhay muli at pinatunayang tagumpay sa kasalanan at kamatayan. (Ikatlong paa ng *Upuang Tatlo ang Paa*).

*Ano ang pinakamahalagang araw na inaalala o ipinagdiriwang ng mga Cristiano?*

"Kung hindi higit sa isang napakagandang salaysay ang muling pagkabuhay, ito ay parang bale-wala lang. Kung ito naman ay totoo, ito ang pinakamahalagang pangyayari sa kasaysayan, at ang hindi pagtugon sa mga implikasyon nito ay nangangahulugan ng 'di-masukat na kapahamakan. Kung hindi naman ito totoo, kung hindi nabuhay na muli si Cristo, ang Cristianismo ay isang kasinungalingan lamang ng mga bihasang mandaraya, o 'di kaya'y mga taong nahihibang at wala sa matinong pag-iisip." Sir Norman Anderson

*Ang Upuan*

Unang Paa:

Ikalawang Paa:

Ikatlong Paa:

*Mga Tanong sa Marcos 6-10?*

### Nakatakdang Mangyari ang Muling-Pagkabuhay ni Jesus
(Marcos 8:31, 9:9, 9:31, 10:32-34)
- Una, pansinin na si Cristo mismo ang nagsabi patungkol sa kanyang darating na kamatayan at muling-pagkabuhay. Basahin ang Marcos 8:31, 9:9, 9:31, at 10:32-34.
- Nauunawaan niyang lubos na siya'y hindi lamang mamamatay sa pamamagitan ng isang kahiya-hiyang kamatayan sa krus, kundi mabubuhay din sa ikatlong araw at aakyat sa langit.

### Ang mga Pangyayari sa Muling-Pagkabuhay ni Jesus
(Marcos 16:1-8)
- Basahin. Dapat ding malaman na nagpakita siya sa kanyang mga tagasunod sa marami pang okasyon (Juan 20:19; Gawa 1:3).

### Kahulugan ng Muling-Pagkabuhay ni Jesus
1. Ipinahayag ang tagumpay sa kasalanan at kamatayan.
2. Lahat ng mananampalataya ay kaisa niya sa muling pagkabuhay.
3. Ipinakita niya ang kanyang kapangyarihan bilang tunay na Diyos.

### Ang Kahalagahan ng Muling-Pagkabuhay ni Jesus:
- Madalas na tinatanong ng marami, "Ano ang mangyayari sa atin pagkatapos na tayo ay mamatay? Langit? Impiyerno? O wala na pagkatapos ng buhay dito? Ang sagot ay matatagpuan sa muling pagkabuhay ni Jesus. Basahin ang Gawa 10:39-43.

1. ***Lahat ng tao ay muling bubuhayin mula sa mga patay.***
   (Gawa 10:42, Juan 5:28-29, Gawa 24:14-15)
   - Gawa 10:42, "mga buhay at mga patay." Juan 5:28-29, "Sila'y muling mabubuhay.
   - Pagkatapos ng buhay dito ay mayroon pang kasunod na buhay.

2. ***Pagkatapos, lahat ng tao ay hahatulan ni Jesus.***
   (Gawa10:42, Roma 2:6)
   - Tayo'y magbibigay-sulit sa lahat ng ating ginawa. Si Jesus ang "itinalagang maging hukom…" (Gawa 10:42). Ang nabuhay na muli na si Jesus ang magiging tagahatol natin!
   - Ang igagawad na hatol ay ayon sa ating mga ginawa (Roma 2:6).

3. ***Lahat ng tao ay hahatiin sa dalawang grupo.***
   (Marcos 8:38, Mateo 13:47-50)



## Aralin 5
# ANO ANG TUNAY NA CRISTIANO? NAGSISISI

*Layunin*: Upang matutunan ang tunay na kahulugan ng pagiging Cristiano sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa buhay ni Cristo, sa kanyang mga katuruan, at mga ipinapahayag ni Cristo tungkol sa sarili niya.

### *Panimula*
- Ilagay ang sarili sa karaniwang tao na nagsasabing Cristiano sila at sagutin ang tanong: "Ano ang tunay na Cristiano?" [Intayin ang mga sagot]
- Ilan sa mga maaaring isagot: nagbabasa ng Bibliya, nagsisimba, nabinyagan o nabautismuhan, lumapit sa harapan sa altar call, nagpray ng prayer of acceptance.
- Ngunit para kay Cristo, ano ang isang tunay na Cristiano? 'Yan ang pag-aaralan natin ngayon at sa susunod.

### *Balik-aral – Ang Upuan*
- Unang tatlong aralin: ang upuan. Ang unang paa ay si Jesus bilang Anak ng Diyos na may lubos na awtoridad o kapangyarihan.
- Ang ikalawang paa - si Jesus sa krus, dinala ang bigat ng parusa ng ating mga kasalanan bilang kapalit natin o *substitute*.
- Ang ikatlong paa ay ang muling-pagkabuhay ni Cristo, at dahil dito ay ang ating darating na muling pagkabuhay at hatol na igagawad ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo.
- Mga tanong?

### *Nakaraang Aralin*
- Ano ang basehan o kadahilanan ng pagtanggap ng Diyos sa akin?
- Tayo ay naligtas, hindi dahil sa sarili nating katuwiran o kabutihan, kundi sa pamamagitan lamang ng kagandahang-loob o biyaya (*grace*) ng Diyos, sa pamamagitan lamang ng pananampalataya, kay Cristo lamang.
- Mga tanong?

## Ang Tamang Kasagutan - Kung Ano ang Ginawa ni Jesus

(Efeso 2:8-9, Roma 3:28, Roma 10:9)

- Ang tamang sagot ay hindi ang ating mga gawa, ngunit ito'y nasa katauhan at gawa ni Cristo. *Basahin ang Efeso 2:8-9*. Itinuturo ng Bibliya na tayo'y naligtas hindi sa pamamagitan ng naipon nating mga mabubuting gawa, kundi ng pag-ibig at kagandahang-loob (grace) ng Diyos.
- Ang "grace" o "biyaya" ay ang kabutihan ng Diyos na hindi natin karapat-dapat tanggapin. Sa biyaya ng Diyos, ang dapat para sa atin ay hindi natin tinanggap. Kabaligtaran nito ang tinanggap natin. At ito ay dahil sa (1) awtoridad ni Jesus bilang Diyos, (2) kamatayan niya, at (3) ang kanyang muling pagkabuhay.
- Ito ay libreng regalo ng Diyos, ngunit kahit na regalo hindi ibig sabihin na magpapatuloy ako sa kasalanan kasi pinatatawad naman ako ng Diyos. Ang tunay na pananampalataya ay makikita sa pagsunod. Napawalang-sala tayo dahil lamang ng biyaya sa pamamagitan lamang ng pananampalataya, ngunit hindi sa pananampalatayang hindi nagsasagawa ng kalooban ng Diyos.

## Pangwakas

- Sa dalawang relihiyong nabanggit natin, "Gawin mo 'to" at "Nagawa na" ang nauna ay patungo sa kapahamakan. Ang pangalawa ay patungo sa buhay na walang hanggan.
- Ang kaligtasan ni Cristo at ang Kaharian ng Diyos ay dapat tanggapin bilang regalo; hindi ito mapagtatrabahuhan sa pamamagitan ng gawa ng tao. Makakapasok lamang dito ang mga taong kinikilalang sila'y makasalanan at walang magagawa para iligtas ang kanilang sarili, at tumatalikod sa sarili at nagtitiwala kay Cristo.
- Sa pamamagitan nito matitiyak nating tayo ay may buhay na walang hanggan. Dahil ito ay regalo, dapat itong tanggapin, hindi bayaran. Ito ang biyaya ng Diyos, regalo ng Diyos.
- Sa susunod na dalawang aralin, pag-aaralan natin kung paano tanggapin ang libreng regalo ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pagsisisi sa kasalanan, at pagtitiwala kay Cristo.

---

**Sa Susunod na Aralin?** *Sino ang Tunay na Cristiano? (Part 1) - Nagsisisi.* Basahin ang Marcos 1:15; 8:34-38; 9:43-48; 10:29-30. Ilista ang mga natutunan mo tungkol kay Cristo at tungkol sa pagiging isang tunay na Cristiano sa mga nabasa mo. Ilista rin ang mga bagay na gusto mong itanong tungkol sa mga nabasa mo.



- Ang mga matuwid, mga nananampalataya kay Jesus at pinawalang-sala sa paghuhukom.
- Ang mga makasalanan, ang mga nagtakwil kay Jesus at itinakwil din sa araw ng paghuhukom.

### 4. *Ang paghahati ay pangwalang-hanggan.*

(Hebreo 9:27, Mateo 25:31-42)

- Hindi pansamantala, ngunit pangwalang-hanggan (Mat 25:31-42).
- Walang konsepto ang Bibliya ng ikalawang pagkakataon pagkatapos ng kamatayan (Heb. 9:27).
- Ngayon lamang sa buhay na ito may oportunidad na maniwala. Ang tugon mo kay Cristo sa buhay na ito ang magiging tugon niya sa iyo sa kabilang buhay.
- Itakwil mo siya at piliing lumakad sa sarili mong kagustuhan, tatanggapin mo ang bayad ng iyong kasalanan - walang-hanggang kamatayan sa impiyerno.

## Pangwakas

- Napakahalaga nito. Tinitiyak na: (1) tayo'y muling bubuhayin; (2) tayo'y hahatulan ni Jesus; (3) ihihiwalay ang mga matutuwid sa mga makasalanan; (4) ang paghihiwalay na ito ay pangsawalang-hanggan.
- Nang nabuhay na muli si Cristo, ito ang pagpapahayag ng Diyos sa kanyang kaluguran sa ginawang pagliligtas ni Cristo. Sa pamamagitan ng kanyang pagkabuhay, wala nang parusang natitira sa ating kasalanan, wala nang galit ng Diyos na aalalahanin, wala nang kahatulan sa kasalanan - lahat binayaran na, wala nang natitira. Tagumpay si Cristo sa kasalanan. Kaya lahat tayong nagsisisi sa kasalanan at nagtitiwala sa kanya ay pinatawad na at tatanggap ng buhay na walang hanggan.
- Basahin ang Roma 6:6-9

***Upuang tatlo ang paa***

*1. Ang unang paa: Si Jesus, ang Anak ng Diyos*
*2. Ang ikalawang paa: Ang Kamatayan ni Jesus sa Krus*
*3. Ang ikatlong paa: Ang Muling-Pagkabuhay ni Jesus*

---

**Sa Susunod na Aralin?** *Kaligtasan dahil sa Biyaya, hindi sa mga Gawa*. Basahin ang Marcos 11-16. Ilista ang mga natutunan mo tungkol kay Cristo sa mga nabasa mo. Ilista rin ang mga bagay na gusto mong itanong tungkol sa mga nabasa mo.

# Aralin 4
# KALIGTASAN DAHIL SA BIYAYA, HINDI SA MGA GAWA

*Panimula/Balik-aral*

- *Layunin*: Upang matutunan ang tunay na kahulugan ng pagiging Cristiano sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa buhay ni Cristo, sa kanyang mga katuruan, at mga ipinapahayag ni Cristo tungkol sa sarili niya.

- Nakasisigurado ka ba na mapupunta ka sa langit kung sakaling mamamatay ka ngayon din? [Oo, hindi, hindi ko alam - pangkaraniwang sagot].

- Review ng naunang tatlong aralin:

  *Aralin 1:* Ang pagiging Diyos ni Jesus sa pamamagitan ng kanyang awtoridad (1) bilang guro, (2) laban sa mga masasamang espiritu, (3) sa kasalanan, (4) sa sakit, (5) sa kalikasan, (6) sa kamatayan, at (7) sa mga tao. Unang paa: Si Jesus, ang Anak ng Diyos.

  *Aralin 2:* Hindi lang dakilang guro, manggagamot at Anak ng Diyos, ngunit siya ay naparito upang mamatay bilang kapalit natin. Pinarusahan ng Diyos ang kasalanan, ibinalik tayo sa Diyos sa pamamagitan ng pagtubos ni Cristo. Ikalawang paa, ang kamatayan sa krus ni Jesus.

  *Aralin 3:* Ang muling pagkabuhay ni Jesus, katagumpayan laban sa kasalanan at kamatayan. Tinitiyak na tayo rin ay bubuhayin, hahatulan ni Jesus, hahatiin ang mga matutuwid sa mga makasalanan, paghahating pangwalang-hanggan. Ikatlong paa, ang muling pagkabuhay ni Jesus.

- *Susunod na tatlong aralin: paano tayo makatitiyak na magkakaroon ng buhay na walang hanggan.*

- *Mga Tanong sa Marcos 11-16?*



## Kaligtasan: Dahil ba sa Biyaya (*Grace*), o sa mga Gawa?

- *Kung sakaling mamamatay ka mamayang gabi at magbibigay ng pagsusulit ng iyong buhay sa paghatol Diyos, paano mo ipagtatanggol ang iyong sarili? Paano mo sasabihing karapat-dapat ka sa harapan niya?*
- Dalawa lang ang maaaring sagot dito: (1) sa pamamagitan ng ating sariling kabutihan o katuwiran; (2) sa pamamagitan ng kabutihan o katuwiran ng iba.
- Dalawa lang ang relihiyon sa mundo: (1) relihiyong nagsasabi ng "gawin mo 'to, gawin mo 'to upang maligtas ka"; at (2) relihiyong nagsasabi na "nagawa na." Ang Cristianismo lang, mga tunay na Cristiano lang, ang kabilang sa pangalawang kategorya. "Nagawa na" ito ni Cristo sa krus, wala tayong maaaring gawin upang matanggap ng Diyos. Si Cristo ang dahilan upang tayo'y tanggapin.

## Ang Maling Kasagutan – Kung Ano ang Aking Ginawa

(Santiago 2:10; Galatia 3:10; Roma 3:23; Marcos 7:20-23)

- Saan ibabase ng Diyos ang pagtanggap niya sa iyo sa langit? Ang maling sagot dito ay sa pamamagitan ng aking mga gawa, anu-ano ang mga ginawa ko o hindi ko ginawa. Wala akong magagawa para gawing matuwid ang aking sarili sa harapan ng Diyos.
- Bakit? Dahil ang sukatan ng Diyos ay 100%. Wala dapat dungis o kalikuan. At sa sukatang iyan lahat tayo ay bagsak, bagsak na bagsak (Santiago 2:10 at Galatia 3:10). Ang listahan ng ating kasalanan (illustration sa Aralin 2), gaano man kalaki o kaliit, ay naghihiwalay sa atin nang pangwalang-hanggan sa ating banal at makatarungang Diyos.
- *Basahin ang Marcos 7:20-23*. Ipinaliwanag ni Jesus na ang kasalanan ay hindi lamang tungkol sa mga ginagawa o sinasabi, o kahit sa mga iniisip na maling bagay. Mas malala pa doon ang sakit natin. Ang kasalanan ay likas na sa atin, sa ating puso, ito ang naglalarawan sa ating pagkatao. **Tayo'y gumagawa ng kasalanan dahil tayo'y makasalanan**. Lahat tayo (Roma 3:23).

*Measles/band-aid illustration…*

- Lumapit ka sa doktor upang gamutin ang tigdas (measles) mo. Nilagyan niya lang ng band-aid 'yung mga spot na may pangit tingnan. Pero walang kwenta yun. Di ka gagaling dun kasi nasa loob ang sakit wala sa labas.
- Ganun din sa kasalanan. Ang problema natin ay hindi lang ang ginagawa natin kundi ang puso natin na may sakit na cancer na. Hindi natin pwedeng takpan ang kasalanan ng mabubuting gawa. Dapat lumapit tayo sa tunay na makagagamot nito.